

Impormasyon para sa mga pasyente, tagapag-alaga at pamilya

Ano ang maasahan kung may malubhang nangyari

Kami ay nagbabahagi nitong impormasyon sa iyo dahil ikaw o isang taong mahal mo ay nasangkot sa isang seryosong pangyayari sa isang ospital o pangkalusugang pasilidad. Nagpapaumanhin ang NSW Health sa pag-aalalang idinulot sa iyo at sa pamilya ngayong oras na ito.

Kami ay nakatuon sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon kung ano ang nangyari, bakit nangyari, sa pagkakaroon ng aral mula sa karanasang ito at paggawa ng mga pagbabago upang maiwasan ang pagkakapinsala ng pasyente sa hinaharap.

Ang iyong lokal na serbisyong pangkalusugan ay mag-iimbestiga at gagawa ng mga mungkahi. Ito ay tinatawag na isang pagsusuri sa malubhang nangyari (serious incident review). Lahat ng mga pangkalusugang serbisyo ay inaatasan ng batas na gumawa ng mga pagsusuri sa mga malubhang nangyari sa loob ng 60 araw mula sa pangyayari ng insidente.

Itong pahina ng katotohanan ay magpapaliwanag sa mga gagawing hakbang ng iyong lokal na serbisyong pangkalusugan sa pagsusuri sa insidente.

Ang aming pangako

Nangangako ang NSW Health na:

- Makikipag-usap sa iyo ng nakabukas at tapat na paraan tungkol sa nangyari.
- Magiging maliwanag at napapanahon ang pakikipag-usap sa iyo.
- Iimbitahan ka na magsabi sa amin ng tungkol sa inyong mga karanasan, nakikita, pag-aalala at damdamin.
- Tatratuhin ka nang may paggalang at pag-unawa habang nagbibigay kami ng patuloy na pangangalaga at suporta hanggang kailangan mo.

Ano ang susunod na mangyayari?

Ang iyong pangkalusugang samahan ay:

- Magsasabi sa iyo tungkol sa isang malubhang insidente sa loob ng 24 oras simula sa oras ng pangyayari. Ito ay tinatawag na makatotohanang paglalahad (clinician disclosure). Sa ilang kaso, ito ay maaaring may pagkaantala kung ang insidente ay hindi kaagad napansin o ang kinalabasan para sa pasyente ay hindi malinaw noong simula.

- Hihingi ng paumanhin sa pinakamadaling panahon.
- Magtatalaga ng isang kawani na magiging tanging matatawagan ng pamilya upang sumuporta sa iyo at sa pamilya habang ginagawa ang pagsusuri sa insidente. Ang taong matatawagan ng pamilya ang siya ring tagapagbalita sa iyo tungkol sa progreso ng pagsusuri.
- Sasabihin sa inyo kung ano ang mga natutuklasan ng pangkat na nagsusuri, at ang mga ginagawa ng samahan mula sa unang mga araw na nangyari ang insidente.
- Aanyayahan ka upang pag-usapan ang mga nalaman sa pagsusuri at mga rekomendasyon upang maiwasan na mauulit ang kaparehong pangyayari sa hinaharap. Gagawin namin ito sa loob ng 60 araw mula sa pagsimula ng imbestigasyon.
- Babalitaan ka tungkol sa pagsunod sa mga rekomendasyon.
- Aayusin sa taong tanging matatawagan ng pamilya upang pag-usapan tungkol sa paraan at kailan mo gustong makuha ang impormasyon.

Ang Tanging Tao na Matatawagan ng Pamilya

Ang tanging tao na matatawagan ng pamilya ay isang may karanasang tao na nagtatrabaho sa pag-aalaga ng kalusugan na siyang:

- magbibigay sa iyo ng mga mas detalyadong impormasyon upang makatulong sa inyong pag-unawa sa proseso ng pagsusuri.
- sasagutin ang anumang mga katanungan o pag-aalala mo.
- binabalitaan ka nang napapanahon tungkol sa pagsusuri ng pangyayari.
- i-uugnay ka sa nagsusuring pangkat at iba pang mga serbisyong kailangan mo.

Ang tanging tao na matatawagan ng pamilya ay mananatiling may regular na ugnayan sa inyo habang ginagawa ang pagsusuri.

Impormasyon para sa mga pasyente, tagapag-alaga at pamilya

Ano ang maasahan kung may malubhang nangyari

Ang proseso sa pagsusuri ng malubhang insidente



SINO?

Ang Punong Tagapagpaganap ay magbubuo ng isang pangkat na may 3-5 na kawani upang gumawa ng pagsusuri sa isang hindi magandang malubhang pangyayari.



BAKIT?

Upang malaman kung ano ang nangyari, bakit nangyari at magrekomenda ng mga gagawin upang hindi maulit ang ganitong insidente.



PAANO?

Ang pangkat ay magbabasa ng mga medikal na ulat at ibang dokumento, susuriin ang mga lokal na proseso, at kakapanayamin ang mga kawani, pasyente at pamilya.



ANO?

Ang pangkat ay magbubuo ng isang ulat ng mga natuklasan at kung kinakailangan ay isang ulat ng mga rekomendasyon.



KAILAN?

Ang mga ulat ay isusumite sa Kagawaran ng Kalusugan sa loob ng 60 na araw mula sa pag-ulat sa nangyari.



ANO ANG SUSUNOD?

Ang mga ulat ng mga natuklasan at rekomendasyon ay ibinabahagi sa pamilya. May pagkilos na gagawin sa lokal at ng mga komite ng buong estado ay hahanap ng mga natutunan para sa buong estado.

Ang tanging taong matatawagan ng pamilya ay makikipag-ugnayan nang regular sa pamilya sa loob ng 60 na araw ng pagsusuri at higit pa depende sa mga kagustuhan ng pamilya.

May matutunghayang mga detalyadong impormasyon sa website ng Clinical Excellence Commission: www.cec.health.nsw.gov.au